# Mga Kontribyutor

Si **Jonevee B. Amparo** ay isang mananaliksik at kasalukuyang Katuwang na Propesor sa Unibersidad ng Pilipinas Visayas. Natapos niya ang kanyang *digring Bachelor in Secondary Education (major in Filipino)* sa West Visayas State University, at ang kanyang digring Master sa Arte (Filipino: Wika) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang kanyang mga pananaliksik ay nakapokus sa polisiyang pangwika, *language education,* lingwistiks, lingwistikong etnograpiya, multilingwalismo, at kontekswalisasyon.

Si **Jun Yang Badie** ay kawaksing propesor sa Notre Dame of Marbel University sa Lungsod ng Koronadal, Lalawigan ng South Cotabato. Siya ay kasalukuyang naghahanda ng kaniyang disertasyon para sa digring Doktor ng Pilosopiya sa Araling Pilipinas (Wika, Kultura, at Midya) sa De La Salle University, Maynila bilang iskolar ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon. Nahalal siya bilang pangulo ng Dalubhasaan ng mga Umuusbong na Mag-aaral sa Araling Pilipinas (DANUM-GS) noong 2019. Naging fellow sa Akdaan 2019 ng Departamento ng Filipino ng DLSU-M sa pagsulat ng tula at sa Luntiang Palihan 2019 ng Bienvenido N. Santos Creative Writing Center ng DLSU-M para sa pagsulat ng maikling kuwento. Siya ay nagtapos ng kaniyang Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon bilang Cum Laude, Dr. Consejo S. Albano Leadership Awardee, at Journalist of the Year at Masterado sa Sining sa Edukasyon medyor sa Filipino noong 2011 at 2014 sa Holy Trinity College of General Santos City.

Si **David R. Corpuz** ay isang iskolar, guro, at direktor ng pelikula. Nagtapos si Corpuz ng *MA Media Studies (Film)* sa UP Diliman at kasaluyang isinusulat ang disertasyon para sa PhD Araling Filipino-Wika, Kultura, Midya sa *De La Salle University Manila*. Tatlong beses siyang nakapasok sa *Cinemalaya Independent Film Festival* bilang *finalist* para sa "*The Ordinary Things We Do*" (maikling pelikula na nagwagi ng *Special Jury Prize* noong 2014), *Kusina* (kasama si Cenon Palomares, *full length film*, 2016) at *Seperate/Separate* (*full length film*, kasalukayang nasa preproduksyon). Noong Hulyo 2017, ay napili siya bilang *Fellow* sa *Fantastic Film School* sa Bucheon, South Korea. Nagtuturo siya sa Departamento ng Komunikasyon sa *Far Eastern University* at sa Departamento ng Filipino sa *DLSU*.

Si **Feorillo A. Demeterio III** ay isang Full Professor ng Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Malalayang Sining, at Direktor ng University Research Coordination Office, ng Pamantasang De La Salle. Siya ang may akda ng mga librong Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (2012), Ferdinand Blumentritt and the Philippines (2013), at The Socio-Political Discourses of the Catholic Bishops' Conference of the Philippines (2018), pati na sa iba't ibang sanaysay tungkol sa hermenyutika, araling kultural, araling Pilipino, at pilosopiyang Pilipino na nakalathala sa maraming lokal at internasyunal na journal. Naging visiting research professor siya sa Council for Research in Values and Philosophy ng Catholic University of America, sa Washington, DC, noong 2013. Noong 2014, kinilala siya bilang outstanding alumnus sa larangan ng pilosopiya ng Graduate School ng Pamantasang Santo Tomas.

Copyright © 2020 by De La Salle University

Si **Joshua Felicilda** ay nagtapos ng Batsilyer sa Sining sa Pilosopiya, cum laude, sa Pamantasan ng Santo Tomas noong taong 2015. Natapos niya ang kanyang Masteral sa Sining sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle, taong 2018. Tumanggap siya ng Outstanding Thesis Award para sa kanyang Masteral na Tesis na pinamagatang "Ang Mga Ideolohiyang Politkal sa mga Nobel ani F. Sionil Jose". Nakapaglathala siya ng mga artikulo sa Malay Journal, Kritike at Humanities Diliman, at kasalukuyan siyang patnugot sa suring-aklat ng Dalumat journal. Kasalukuyan niyang kinukuha ang kanyang Doktorado sa Pilosopiya sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle. Nakapagturo siya bilang Teaching Assistant sa Pamantasan ng De La Salle at Assistant Professor Lecturer sa Pamantasan ng Malayong Silangan. Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo bilang Assistant Professor Lecturer sa Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Malayang Sining, sa Pamantasang De La Salle.

Si **Cris R. Lanzaderas** ay isang assistant professor sa UP Los Baños. Nagtapos ng MA Malikhaing Pagsulat (UP Diliman, 2019) at BA Communication Arts (UPLB, 2010). Kasalukuyang tagapag-ugnay (subject area coordinator) ng Departamento ng Filipino at guro sa panitikan at malikhaing pagsulat sa UP Rural High School. Naging *resource person* sa ilang seminar at workshop na inorganisa ng Department of Education at samahan sa loob at labas ng UPLB. Nagsulat na rin ng teksbuk para sa Senior High School Filipino (IBON Foundation) at naging writing fellow sa 2018 Valenzuela Writers Workshop at 2019 Ateneo National Writers Workshop.

Si **Dadine Kristine Ann V. Lumigis** ay nagtuturo ng mga asignatura at medyor sa Filipino bilang Assistant Professor IV sa Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika sa Mindanao State University-Iligan Institute of Technology. Nagtapos ng Master ng mga Sining sa Filipino noong 2011 sa nasabing Institusyon. Ko-awtor siya ng "Mga Piling Kuwentong Bayan ng mga Maguindanaon at Maranao: Isang Serye ng mga Modyul para sa Pagtuturo ng Panitikan" at "Sanaysay Textbook-Workbook." Interesado siya sa mga pananaliksik na kinabibilangan ng Panitikan sa Pilipinas, wika at kultura. Nakapagpresenta na rin siya ng mga pananaliksik mapa-nasyonal at internasyonal. Kasalukuyang tinatapos ang kursong Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino- Wika, Kultura at Midya sa De La Salle University, Manila sa ilalim ng CHED K + 12 Transition Scholarship Program.

Si **Joan Alarcon Monforte** ay Assistant Professor II ng Kolehiyo ng Edukasyon sa Partido State University-Goa, Camarines Sur. Nagtapos siya ng Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino (Wika, Kultura, Midya) sa De La Salle University-Manila sa ilalim ng CHED K + 12 Transition Scholarship Program. Nakapaglathala na rin siya ng mga artikulo sa iba't ibang dyornal mapa-nasyonal at internasyonal.

Si **Rhoderick V. Nuncio** ay kasalukuyang tagapangulo ng Departamento ng Filipino at research fellow ng Social Development Research Center at ng De La Salle University. Siya ang tagapagtatag ng Networked Learning Philippines (NLPH, Inc.) na isang propesyunal na organisasyon ng mga gurong online at mga mananaliksik sa ICT para sa edukasyon. May mga publikasyon siya tungkol sa Araling Pilipinas, Araling Internet, kritika, pilosopiya at malikhaing pagsulat. Tapos siya ng PhD at MA Philippine Studies sa UP-Diliman at ng AB Philosophy & Human Resource Development sa San Beda College.

Si **Freddielyn B. Pontemayor** ay Assistant Professor IV ng Kolehiyo ng Edukasyon sa Central Mindanao University, Musuan, Maramag, Bukidnon. Nakapagtapos siya ng Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino-Wika, Kultura at Midya sa De La Salle University- Taft, Manila sa ilalim ng CHED K + 12 Transition Scholarship Program. Naging collaborator at study leader ng mga proyektong Extension at Research na sinusuportahan ng institusyong kinabibilangan, at lokal na yunit ng pamahalaan. Nakapaglathala na rin siya ng mga artikulo sa iba't ibang journal mapa-nasyonal at internasyonal. Sa kasalukuyan, aktibong nagsasagawa ng mga pananaliksik na may kaugnayan sa wika, literatura, kalikasan, at higit sa mga usaping pangkultura.

Si **Glenn Irwin Cruz Reynon** ay lumaki sa Obando, Bulacan. Siya ang kasalukuyang Tagapangulo ng Communication Program ng UST Angelicum College sa Quezon City. Nagtapos ng AB Communication Arts sa Colegio de San Juan de Letran – Manila noong 2009, MA in Communication sa University of Santo Tomas noong 2015, at PhD in Philippine Studies in Media, Culture, and Language sa De La Salle University – Manila (2020) kung saan siya ay nagtamo ng Outstanding Dissertation (OD) sa kaniyang pag-aaral na may pamagat na: *Paglikas: Ang Ritwal ng Pagpapahiyang ng Day By Day Christian Ministries*. Napagkalooban din ng creative grant para sa Maikling Kuwento mula sa Bienvenido N. Santos Creative Writing Center noong 2018. Aktibo rin siyang nagbibigay ng mga lektyur sa iba't ibang seminar at training kaugnay sa mga paksang riserts, midya at malikhaing pagsulat.

# Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay

## Isyu para sa buwan ng Disyembre 2020, Tomo XXXIII, Blg. 1

**Tunguhin**

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaryong journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle – Manila (DLSU-M) na internationally refereed at abstracted, ay naglalayong maglathala ng mga lathalain tungkol sa mga usapin at dalumat kaugnay ng wika, kultura, at mass media na nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Tumatanggap din ng mga sulatin sa Ingles at iba pang mga wika na isasalin sa wikang Filipino. Tanging ang salin sa Filipino ang ilalathala.

**Detalye ng Paglilimbag**

Nalilimbag ang Malay makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House ng Pamantasang De La Salle-Manila. Bilang multi/interdisiplinaryong journal, nagtatampok ito ng mga papel, riserts, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa Araling Filipino na may tuon sa wika, kultura, at mass media. Ang mga ideya, opinyon, at paninindigan ng mga may-akda ay kanilang pananagutan at hindi sumasalamin sa mga pagkukuro at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Proseso ng Pagrerebyu**

Ang mga lathalain ay nirerebyu ng mga miyembro ng Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot at ng iba pang mga kilalang iskolar sa kani-kanilang disiplina. Ang bawat artikulo ay nirerebyu ng dalawang iskolar. Sa pagkakataong may magkasalungat na pagpapasiya ang naturang dalawang rebyuwer, ito ay pagpapasyahan ng mga editor. Ang buong prosesong ito ay isinasagawa nang hindi nalalaman ng may-akda kung sino ang rebyuwer ng kaniyang artikulo, at gayundin, hindi ipinakikilala sa rebyuwer kung sino ang may-akda ng kaniyang nirerebyung artikulo.

Mula rito, muling nirerebyu ng Punong Patnugot ang mga nakapasang lathalain mula sa mga naunang nagrebyu nito. Ang mga lathalaing nangangailangan ng medyor na rebisyon ay ibinabalik sa mga may-akda para sa mga kahingian ng mga rebyuwer. Ang mga may-akda ng mga papel na hindi matatanggap ay padadalhan ng liham na maglalaman ng mga puna at komento ng mga nagrebyu. May karapatan ang mga Patnugot na maging pag-aari ang kopya nglahat ng papel na ipinasa.

**Detalye ng Pagsusumite**

Ang mga papel (riserts, artikulo, rebyu) ay kailangang nakasulat sa Filipino. Sakaling nasa ibang wika, isasalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Kailangang hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon o journal ang mga papel na ipapasa para dito. Isang 200-250 salitang abstrak at limang susing salita, kapuwa nasa wikang Filipino at Ingles, ang hinihiling na kalakip sa papel na may 5,000 hanggang 7,000 salita (20-40 pahina). Ang titulo ng lathalain ay dapat na mayroon ding salin sa wikang Ingles.

Ang papel ay kailangang kompyuterisado sa maikling bond paper na may isang pulgadang palugit sa lahat ng gilid, doble-espasyo, gamit ang font na Times New Roman at may laking 12-puntos, at maayos na naidokumento gamit ang MLA Seventh Edition.

Kailangang minimal ang mga dulong tala. Kung sakaling may larawan o ilustrasyong bahagi ng submisyon, ang file ay kailangang nasa format na jpeg. Hinihiling ang malinaw na kopya. Kailangan ding may kapsiyon at karampatang pagkilala sa pinaghiraman o may-ari/maylikha ng larawan/ilustrasyon.

Ang pangalan ng awtor, tirahan, e-mail, at iba pang mahahalagang kontak ay kailangang nakasulat sa hiwalay na papel. Anumang pagkakakilanlan sa identidad ng awtor ay kailangang wala sa manuskrito. Sumulat din ng isa hanggang dalawang talatang bio-note para sa pagkakakilanlan ng may-akda.

Tinatanggap ang mga submisyon sa pamamagitan ng e-mail sa malayjournal@gmail.com.

Ipadala ang manuskrito at lahat ng kailangan kay Dr. Florentino Timbreza, Punong Editor; Dr. Rowell Madula, Ko-Editor; o kay Dr. Dolores Taylan, Tagapamahalang Editor, sa De La Salle University Publishing House, Yuchengco Hall, Room 601, Pamantasang De La Salle – Manila, 2401 Taft Avenue, Manila. Para sa iba pang impormasyon, maaaring tumawag sa (632) 524-4611 loc 271 at hanapin si Ms. Joanne T. Castañares.